

# Future Hope

## Pamumuhay sa Kasiyahan ng Diyos sa Pananaw ng Pagdating ni Cristo

---

WEEK 4

### WARM-UP

- Kung ikaw ay may ilan pang natitirang minuto bago ang isang tawag sa telepono, pagpupulong, o kaganapan, ano ang ginagawa mo para magpalipas ng oras?
- Ano ang pangarap mong trabaho? Ano tungkol dito ang sa palagay mo ay labis mong magugustuhan?
- Isipin ang kaibigan o kamag-anak na nagpalakas ng loob mo kamakailan lamang. Ano ang sinabi niya sa iyo?

**WORD** *Mga kapatid, natutunan n'yo sa amin kung paano mamuhay nang kalugod-lugod sa Diyos, at ito nga ang ginagawa ninyo. Hinihiling namin ngayon sa pangalan ng Panginoong Jesus na lalo n'yo pa sana itong pag-ibayuhin.*

### **1 TESALONICA 4:1**

Bagama't ang unang bahagi ng sulat ni Pablo ay naglalaman ng lahat ng mga nangyari, ang ibang bahagi ay tungkol na sa mga tagubilin niya para sa mga mananampalataya, lalo na sa paghihintay nila nang may pag-asa sa dakilang pagbabalik ni Cristo. Sinabihan nila Pablo, Silas, at Timoteo ang iglesia na mamuhay nang may kabanalan, pagmamahalan, at kapayapaang dala ng masidhing pagnanais na bigyang kasiyahan ang Diyos.

## 1 | Mamuhay sa kabanalan ng Diyos.

<sup>7</sup>*Tinawag tayo ng Diyos para mamuhay sa kabanalan, hindi sa kahalayan.* <sup>8</sup>*Ang sinumang hindi sumusunod sa mga utos na ito ay hindi sa tao sumusuway kundi sa Diyos na nagbibigay sa inyo ng kanyang Banal na Espiritu.* **1 TESALONICA 4:7-8**

(Basahin din ang **1 TESALONICA 4:3-6.**)

Kabaligtaran ng marumi at imoral na pamumuhay ng mga tao noong panahong iyon, ang iglesya sa Tesalonica ay namuhay nang may kabanalan. Ang mga sumulat ng liham ay hayagang nagsabi na ang iglesya ay dapat na mamuhay nang may kadalisan at kabanalan sa harapan ng Diyos. Sa katunayan, ang mga hindi nakinig sa mga tagubiling ito ay hindi nakinig sa Diyos. Paano tayo tinutukso ng ating kultura na huwag makinig sa Diyos? Sa iyong palagay, bakit kailangang tiyak ang mga tagubiling ibinigay sa kanila?

---

---

## 2 | Mamuhay sa pag-ibig ng Diyos.

<sup>9</sup>*Ngayon, tungkol sa pagmamahalan bilang magkakapatid sa Panginoon, hindi na kayo kailangang paalalahanan pa tungkol dito, dahil ang Diyos na mismo ang nagturo sa inyo na magmahalan.* <sup>10</sup>*At ito nga ang ginagawa n'yo sa lahat ng kapatid sa Macedonia. Ganoon pa man, hinihiling namin na lalo pa ninyong pag-ibayuhin ang pag-ibig ninyo.* **1 TESALONICA 4:9-10**

Ang iglesya sa Tesalonica ay isang halimbawa ng *pagmamahalan bilang magkakapatid*, subalit ipinaalala pa rin nina Pablo, Silas, at Timoteo na dapat ay *lalo pa itong pag-ibayuhin*. Ang pagmamahal sa iba ay hindi isang minsanang kaganapan lamang o kaya ay isang bagay sa ating listahan ng mga gawain na dapat tapusin o gampanan. Ito ay isang bagay na ginagawa natin bilang pagpapatuloy sa pagsunod sa Diyos. At habang mas nararanasan natin ang pagmamahal ng Diyos, mas nagagawa rin nating mahal in ang ating kapwa. Ayon kay

Jesus, paano malalaman ng mundo na tayo ay Kanyang mga disipulo (Juan 13:35)?

---

---

### 3 | Mamuhay sa kapayapaan ng Diyos.

*<sup>11</sup>Sikapin ninyong mamuhay nang mapayapa, at huwag kayong makikialam sa buhay ng iba. Magtrabaho ang bawat isa para sa ikabubuhay niya, tulad ng ibinilin namin sa inyo. <sup>12</sup>Nang sa ganoon, hindi n'yo na kailangang umasa sa iba, at igagalang kayo ng mga hindi mananampalataya. 1 TESALONICA 4:11-12*

Habang ang mga mananampalataya sa Tesalonica ay naghihintay sa muling pagbabalik ni Cristo, ang ilan sa kanila ay huminto sa pagtatrabaho at wala ng ginawa. Subalit kahit pa tayo ay naghihintay sa paparating nating pag-asa, tayo ay tinawag upang gawin kung anuman ang inilagay ng Diyos sa ating mga kamay ngayon. Ang pagsusumikap na ito at pag-asa sa Diyos ay nagsisilbing patotoo sa mga hindi pa nakakakilala sa Kanya. Paano mo natutunang isapamuhay ang tagubilin na isinasaad sa talatang ito?

---

---

#### APPLICATION

- Sa ilalim ng kaalaman na muling magbabalik si Cristo balang araw, paano ka dapat mamuhay? Ano ang natutunan mo ngayon at paano mo ito maisasapamuhay?
- Paano mo magagawang mamuhay sa kabanalan, pag-ibig, at kapayapaan ng Diyos? Sa tatlong nabanggit, saan ka higit na nangangailangan ng biyaya at kalakasan? Bakit?
- Paano maipapahayag sa buhay mo si Cristo? Ano ang isang bagay na magagawa mo simula ngayong linggo upang makapamuhay ka nang hindi *kailangang umasa sa iba*, at tumanggap ng paggalang sa *mga hindi mananampalataya* (1 Tesalonica 4:12)?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa layuning ibinibigay Niya sa atin upang mabuhay—ang Kanyang kasiyahan. Ipanalangin na patuloy kang mamumuhay sa paraang mas ikasisiya Niya sa bawat araw.
- Ipanalangin na susundin mo ang kagustuhan ng Diyos at mamumuhay ka sa Kanyang kabanalan. Hingin sa Kanya ang kapatawaran sa kasalanan at ipanalangin na magawa mong talikuran ang kasalanan.
- Ipanalangin na magawa mong magmahal nang tulad ng pagmamahal ni Cristo sa iyo at makapamuhay ka sa piling ng iba nang may kapayapaan. Ipanalangin na maging masikap ka sa lahat ng iyong mga ginagawa at umasa sa Diyos lamang. Ipanalangin na magsilbi itong daan upang makilala rin ng iba ang Diyos.

## NOTES